ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

CHATGPT AT ANG PAGSASALIN-WIKA: PAGSUSURI SA KARANASAN NG MGA MAG-AARAL

Jheraldine M. Sareño, Lpt [1], Vicente A. Pines, Phd [2]
[1]Master of Arts in Filipino, St. Mary's College of Tagum, Inc.Graduate School Department, Tagum City, Philippines
[2]Master Teacher II, Sto. Tomas National High School, Sto. Tomas Davao del Norte

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22730
DOI No: 10.36713/epra22730

ABSTRACT

Layunin ng penomenolohiyang pananaliksik na ito ay masuri, matukoy, at maunawaan ang karanasan ng labing-apat (14) na mag-aaral sa Senior High School sa paggamit ng ChatGPT sa pagsasalin-wika sa pagsulat ng akademikong sulatin sa Filipino sa pribadong paaralan ng Lungsod ng Tagum. Dagdag pa, ang ginawang pananaliksik ay makapagbibigay-gabay tugon at solusyon sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng ChatGPT sa pagsasalin-wika sa pagsulat ng akademikong sulatin sa Filipino. Ang labing-apat (14) na naging partisipante sa penomenolohikal na pag-aaral na ito ay pinili gamit ang purposive sampling. Ang mga tugon na nakalap gamit ang pinalalim na panayam at pangkatang talakayan ay sinuri gamit ang tematikong pag-aanalisa. Ang mga nasuring pahayag tungkol sa karanasan ng ng mga mag-aaral sa pagsasalin-wika gamit ang ChatGPT sa pagsulat ng akademikong sulatin sa Filipino ay: napadali ang pagsasalin, nakakuha ng pinakamalapit na salin, at nakaranasan ng teknikal na isyu. Tungkol naman sa tanong kung anong mga solusyong inilapat ng mga mag-aaral sa paggamit ng ChatGPT sa pagsasalin-wika ang mga nabuong tema ay: paggamit ng kritikal na pag-iisip, paghahanap ng iba pang sites sa pagsasalin, at sariling pagwawasto ng mga isinalin. Ang mga pangunahing tema na: kapakinabangan sa akademikong komunidad, tulong sa pagpapalawak ng kaalaman, gamit ng ChatGPT sa responsableng pamamaraan, at epekto sa kasanayang kognitibo ang lumitaw tungkol sa posibleng pananaw ng mga mag-aaral sa paggamit ChatGPT sa pagsasalin-wika sa pagsulat ng akademikong sulatin sa Filipino.

MGA SUSING SALITA*: Mag-Aaral Sa Senior High School, Chatgpt, Pagsasalin-Wika, Akademikong Sulatin, Penomenolohiya, Tematikong Pag-Aanalisa, Pribadong Paaralan, Lungsod Ng Tagum*

INTRODUKSYON

Sa higit na pakikiayon ng Kagawaran ng Edukasyon na makasabay sa pandaigdigang kalinangan, kasabay rin ang pag-usbong ng mga *online* na aplikasyon kagaya ng *ChatGPT* na tumutulong sa mag-aaral sa paggawa ng mga sanaysay, mga pagsusuri, tula, at mga pagsasalin ng teksto sa Wikang Filipino. Sa kabila ng pakinabang na hatid nito, umani pa rin ito ng batikos dahil maraming itong gusot lalong-lalo na sa pagsasalin-wika na hindi kayang matugunan ng *machine translator*. Nalalabag nito ang mga alituntunin ng ortograpiyang pambansa kagaya ng maling pagbaybay, gramatika, sintaks, at bokabularyo.

Sa bansang China, dahil sa makapangyarihang kakayahan ng *ChatGPT* sa pagproseso ng wika at sa kadalian ng paggamit nito, nagbunga ito ng katamaran, palaging umaasa sa teknolohiya, naibsan ang paggamit ng kritikal na pag-iisip, hindi na nakakikilala ng tama at maling pagsasalin, at ang direktang pagkopya ng mga impormasyong ibinibigay na salin ng *ChatGPT* (Ma, 2024). Gayundin maging sa pag-aaral nina Hanna, et al., (2024) sa bansang Bangladesh, dulot ng paggamit ng *ChatGPT* sa pagsasalin-wika, maraming mga mag-aaral ang nahihirapang isalin ang mga idyomatikong ekspersyon at mga alusyon. Isa ring suliranin na hinarap ng mga gumagamit ng ChatGPT sa pagsasalin sa bansang Vietnam, nagbibigay ito ng pagsasalin na hindi angkop at malalalim na salita na hindi tugma sa isinalin ng mag-aaral, hindi kayang umunawa sa lahat ng kahulugang ipinapahayag ng teksto, at hindi kayang magsalin ng mga metaporikal na kahulugan (Huong, 2024).

Sa Pilipinas sa kabila ng paggamit ng ChatGPT sa pagsasalin upang mapadali ang gawain, lumitaw pa rin ang mga suliraning hatid nito kagaya ng masyadong naging literal ang pagsasalin na ibinibigay ng ChatGPT, minsan mali ang gramatika, at naglalaman ng maraming pagkakamali sa wastong gamit ng mga salita. Sa kabuoan, iniisip nila na mas magagawa nila nang mas mahusay ang pagsasalin ng walang ginagamit na *machine translation* (Niño, 2020). Dagdag pa, sa pag-aaral ni Andari (2021) mayroong mga guro ang hindi sang-ayon sa paggamit ng mga *machine translation* dahil mali ang ibinibigay nito na gramatika at resulta ng pagsasalin.

Samantala, sa Lungsod ng Tagum, batay sa aking inisyal na pakikipanayam sa mga guro sa Filipino at obserbasyon ng aking kaibigang guro mula sa pribadong paaralan, may mga mag-aaral na gumagamit o nakadepende sa *ChatGPT* kapag sila ay gagawa ng sulatin o pananaliksik sa asignaturang Filipino. Gumagamit sila ng *ChatGPT* upang isalin ang mga tekstong nakalimbag sa wikang Ingles patungo wikang Filipino. Ngunit sa patuloy na paggamit nila sa kagamitang ito, nagdulot ito ng suliranin tulad na lamang ng maraming pagkakamaling gramatika, mga salita o parirala na maraming kahulugan, hamon sa pagsasalin ng mga idyomatikong ekspresyon, at mga salitang may natatanging kahulugan na wala sa ibang wika.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Kaya minsan, naging doble ang kanilang gawain sa pagsasalin dahil iniwawasto at sinusuri pa nila itong mabuti kung ang salin na ibinigay ng mga *machine translation* ay angkop at wasto.

LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng penomenolohiyang pananaliksik na ito ay masuri, matukoy, at maunawaan ang karanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng *ChatGPT* sa pagsasalin-wika sa pagsulat ng akademikong sulatin sa Filipino sa pribadong paaralan ng Lungsod ng Tagum. Dagdag pa, ang ginawang pananaliksik ay inaasahang makapagbibigay-gabay sa pagtugon at solusyon sa mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa paggamit ng *ChatGPT* sa pagsasalin-wika sa pagsulat ng akademikong sulatin sa Filipino.

Sa puntong ito ng pananaliksik, ang paggamit ng *ChatGPT* ay tumutukoy sa *artificial intelligence (AI) chatbot* na ginagamit sa pagsasalin-wika ng mga akademikong sulatin sa Filipino. Ito ay dinisenyo upang mapabuti at mapabilis ang kalidad ng proseso ng pagsasalin ng mga akademikong sulatin sa Filipino.

Mga Katanungan sa Pag-aaral

1. Ano-ano ang karanasan ng mga mag-aaral sa pagsasalin-wika gamit ang *ChatGPT* sa pagsulat ng akademikong sulatin sa Filipino?
2. Ano-ano ang mga solusyong inilapat ng mga mag-aaral sa paggamit ng ChatGPT bilang instrument sa pagsasalin mula Ingles patungo sa Filipino sa pagsulat ng akademikong sulatin?
3. Ano-ano ang pananaw ng mga mag-aaral sa pagsasalin-wika gamit ang *ChatGPT* sa pagsulat ng akademikong sulatin sa Filipino na maaaring maibahagi sa iba?

METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong pamamaraan partikular na ang penomenolohikal na dulog. Ang kwalitatibong pananaliksik ay isang sistematikong pamamaraan ng pagsisiyasat ng mga penomenon at naglalayong matuklasan ang mga bagong makabuluhang pagkakaiba sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa penomenon na pinag-aaralan (Asper at Corte, 2019).

Ang partisipante sa pag-aaral na ito ay labing-apat (14) na mag-aaral sa Senior High sa piling tatlong (3) pribadong paaralan sa Lungsod ng Tagum, Probinsya ng Davao del Norte. Ito ay hahatiin sa dalawang pangkat, pito (7) para sa pinalalim na panayam at pito (7) para sa pangkatang talakayan. Ang bilang ng partisipante ay naaayon sa pag-aaral ni Creswell (2013) na binanggit sa pag-aaral ni Tuner (2022), upang magkaroon ng angkop na partisipante ay sampu hanggang dalawampu't lima (25).

REBYU NG MGA KAUGNAY NA LITERATURA

ChatGPT sa Pagsasalin-wika

Itinuturing na isang mahirap na gawain ang pagsasalin. Bagaman ang *Google* at iba pang mga *search engine* ay pinapadali ang gawain ng mga tagasalin, at mas pinadali ang pagsasalin sa pag-usbong ng *ChatGPT*. Ito ay may kakayahang isalin ang mga teksto, panayam, at sarbey sa wikang ninanais. Napatunayang angkop ang pagsasalin na ibinigay nito at napapanatili rin ang jargon at mga ekspresyong partikular sa wika (Kurban at Sahin, 2024). Ito ay sinuportahan nina Babu at Akshara (2023), ang kakayahan ng *ChatGPT* sa pagsasalin-wika ay kayang sumira sa mga hadlang sa wika. Ayon sa kanila, ang modelo ng *ChatGPT* ay may kakayahang panatilihin ang konteksto at kahulugan ng isinasalin. Sa katunayan, sa kabila ng dami ng modelo ng mga *machine translation*, nanatiling isang mahusay at mapagkakatiwalaang kasangkapan ang *ChatGPT* na maaaring magdulot ng malaking pagbabago para sa tagasalin sa pagsasalin-wika.

Bilang karagadagan, ang *ChatGPT* ay isang kasangkapan sa pagsasalin na nag-aalok na mapahusay ang gawain ng tagasalin, na magreresulta sa angkop at wastong pagsasalin (Sutanto, et al., 2024). Bagaman hindi partikular na dinisenyo ang ChatGPT para sa pagsasalin-wika, ipinakita pa rin nito na kaya nitong gampanan ang pangangailangan sa pagsasalin tulad ng *Google Translate* na nagbibigay ng tumpak na mga pagsasalin. Sa kabila ng kahanga-hangang kakayahan nito, ang paggamit ng *ChatGPT* sa pagsasalin ay nagdulot ng ilang mga alalahanin, lalo na ang mga isyung pribadong impormasyon at mga gawain (Wang, et al., 2024).

Hamon ng Paggamit ng ChatGPT

Habang patuloy na ginagamit ang *AI* sa pagsasalin dahil sa kaginhawaan at bilis nitong magsalin, may mga patuloy na ulat pa rin ng mga pagkakamali at maling interpretasyon. Isa sa kahirapang nararanasan sa paggamit ng *ChatGPT* ang pagsasalin ng mga kultural na *nuances* (Teixeira, 2024).

Binigyang-diin sa pag-aaral nina Chan at Hu (2023) na may mga kahirapan at alalahanin sa aplikasyong ng mga teknolohiya partikular na ang ChatGPT. Isa sa mga suliranin ay ang labis na pag-uulit ng pagsasalin, maling pagsasalin, at pagwawalang-bahala sa pagsasalin. Kaugnay nito, natuklasan sa pag-aaral nina Rousan et al., (2025) na ang paggamit ng ChatGPT sa pagsasalin ay hindi maaasahan, binabago nito ang orihinal na kahulugan. Napapansin ng mga mag-aaral na nahihirapan silang gamitin ang ChatGPT dahil hindi ito tumutugon o may mga ilang *features* ang hindi gumagana nang maayos, na nagpapahirap sa kanilang kakayahan na gamitin ito (Sarwante et al., 2024).

Epekto ng Paggamit ng ChatGPT

Ang paggamit ng ChatGPT ay nagpapakita ng positibo at negatibong epekto sa mga mag-aaral. Natuklasan na ang paggamit ng ChatGPT ay tumutugon sa natatanging pangangailangan sa pag-aaral ng mga mag-aaral, tumutulong ito sa pagkakaroon ng motibasyon at mas malalim na pag-unawa sa kaalaman ng nilalaman. Ngunit sa kabila ng kagandahan nito may mga pagkakataon labis na umaasa ang mga mag-aaral sa teknolohiya, at maaaring magbigay ng hindi tumpak o may kinikilingan na impormasyon na maaaring magdulot ng mga kognitibong pasanin at hadlangan ang pag-unlad ng mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral (Abu Khurma et al., 2024).

Gayunpaman, sa kabila ng magandang dulot ng *ChatGPT* sa pagsasalin-wika, mayroon din itong mga limitasyon na nagdulot ng malaking hamon sa mga tagasalin. Una, parating

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

paggamit ng *ChatGPT* ay nagkakaroon ng mababang kalidad ng pagsasalin para sa mga wika na may limitadong mapagkukunan. Pangalawa, may mga awtput na binibigay ang ChatGPT na maaaring may pagkiling at nakakasakit na mga salitang ginagamit. Pangatlo, ang ChatGPT ay maaring hindi makapagpapaliwanag ng mga kahulugan ng mga wikang nauugnay sa kultura. Ang paggamit nito sa pagsasalin ay nagdadala rin ng panganib ng paglabag sa karapatang intelektuwal na pag-aari at pribadong datos. Mahalagang magkaroon ng masusing pag-unawa sa implikasyon ng paggamit ng *ChatGPT* sa proseso ng pagsasalin upang maging responsable sa paggamit nito, lalo sa mga mag-aaral (Wang, et al., 2024).

Benepisyo ng Paggamit ng ChatGPT

Kung benepisyo ang pag-uusapan, malaki ang pakinabang ng paggamit ng *ChatGPT* sa sektor ng edukasyon lalo na sa mag-aaral. Sinusuri ng *ChatGPT* ang kasaysayan ng pag-aaral ng mga mag-aaral gamit ang *machine learning*, na nagbibigay ng mga indibidwal na rekomendasyon upang matugunan ang kanilang mga partikular na pangangailangan at mapabuti ang pagganap sa mga tiyak na paksa. Bukod dito, mabilis at tumpak ang pagtugon ng mga *chatbot*, na nagbibigay ng kaalaman at paglilinaw sa isyu at mga komplikadong konsepto (Mallow, 2023).

Sa pag-aaral nina Zakwani at Mathew (2024), nakikita ng mga mag-aaral ang *ChatGPT* bilang isang kagamitan na madaling ma-acess at mapagkukunan ng kaalaman partikular na sa bahagi ng pagkuha ng wika: pagsasanay, gramatika, at pagpapalawak ng bokabularyo. Nakatutulong ang pagsasalin gamit ang ChatGPT na matuto ang mga mag-aaral ng bagong bokabularyo o ayos ng mga salita sa isang pangungusap. Sa pamamagitan din ng pagbibigay ng agarang pidbak at mungkahi, makatutulong ang ChatGPT sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang estilo sa pagsulat, gramatika, at paggamit ng bokabularyo, na magpapahusay sa kanilang pangkalahatang kasanayan sa target na wika (Klimova et al., 2024).

MGA RESULTA AT PAGTALAKAY

Talahanayan 1
Mga Pangunahing Tema at mga Ideya Tungkol sa Karanasan sa Pagsasalin-Wika Gamit ang ChatGPT sa Pagsulat ng Akademikong Sulatin sa Filipino

Mga Pangunahing Tema	Mga Pangunahing Ideya
Napadali ang Pagsasalin	• naging maginhawa ang pagsasalin, at mabilis ang pagbibigay ng tugon • nagbibigay ng madaliang ideya sa pagsasalain • napagaan ang pagsasalin sa pamamagitan ng pag-*copy* at *paste* • nakatitipid ng oras sa pagsasalin
Nakakuha ng Pinakamalapit na Salin	• tama ang ibinibigay na salin • hindi literal ang ibinibigay na pagsasalin • nakapagbigay ng akademikong terminolohiya
Nakaranas ng Teknikal na Isyu	• pagkakaroon ng *server error* • pagkakaroon ng *glitch* kaya nakapagbibigay ng maling pagsasalin • pagkakaroon ng *bug* kaya kailangan ng *ChatGPT premium*

Napadali ang Pagsasalin

Malaki ang naitutulong ng ChatGPT sa pagsasalin dahil napadadali nito ang pagsasalin sa wikang Cebuano-Filipino, Filipino-English o English-Filipino. Mas mabilis ito dahil magbibigay ka lang ng ideya na gusto mong isalin at pindutin lang ang send nagbibigay na kaagad ang ChatGPT ng mabilisang tugon. FGD-06

Napadali ng ChatGPT ang aking mga salita kasi ang kailangan ko lang gawin ay copy at paste…Hindi ko na siya iniisa-isa na hanapin ang kahulugan dahil isinasalin na niya ito lahat. Madali lang ang gawain. FGD-03
Ginagamit ko siya kasi hindi nakakaabala at nakatitipid ng oras...sa halip na isang oras akong magsulat ay maaari itong 20 minuto dahil madali na lang mag-type. IDI-04

Ayon sa pag-aaral nina Almahasees et al. (2024) natuklasan ang kahusayan ng ChatGPT sa pagsasalin-wika, ito ay nagpapakita ng kakayahang magpabilis sa proseso ng pagsasalin. Bukod dito, pinahahalagahan ng mag-aaral ang bilis nitong magsalin ng mga teksto, kaya marami ang mga tumatangkilik at gumagamit dito. Isa pang pinapahalagahan ng mag-aaral ay ang katumpakan nitong magsalin, nagbigay ang ChatGPT sa kanila ng tumpak na mga pagsasalin sa kabila ng mga kailangang pagpapabuti rito.

Ang karanasan ding ito ay maiuugnay sa inilahad na pag-aaral nina Kurban at Sahin (2024) ayon sa kanila itinuturing nila na isang mahirap na gawain ang pagsasalin. Bagaman ang *Google* at iba pang mga *search engine* ay nagpapadali sa gawain ng mga tagasalin, mas pinadali ang pagsasalin sa pag-usbong ng ChatGPT. Ito ay may kakayahang isalin ang mga teksto, panayam, at sarbey ng mabilisan sa wikang ninanais. Napatunayang angkop ang pagsasalin na ibinigay nito at napapanatili rin ang *jargon* at mga ekspresyong partikular sa wika.

Samantala kapag ang ChatGPT ang magsasalin at lagyan mo lang ng prompt na gawing tama ang gramatika at pahusayin ay nagbibigay ito ng maayos na kopya sa gusto mong rebisahin at hindi literal ang mga salitang binibigay. FGD-01
Ang ChatGPT ay angkop. May mga oras na angkop ang ibinibigay sa iyo at ang mga salita na isinasalin ay magandang gamitin. FGD-02

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Lumabas na nakapagbibigay nang pinakamalapit na salin ang ChatGPT kaysa sa ibang mga *machine translators*, tama ang ibinibigay na salin, mahusay, at nagbibigay ng angkop na mga salita.

Sa lumalabas na resulta, pinatunayan ito sa ginawang pag-aaral ni Gao et al., (2024) ay nagsagawa ito komparatibong pagsusuri ng kalidad ng pagsasalin ng tula, ikinumpara ang ChatGPT sa ibang mga *translation sites online* batay sa katapatan, daloy, estilo ng wika, at estilo ng pagsasalin. Natuklasan sa pag-aaral na nalampasan ng ChatGPT ang ibang mga *machine translation* sa pamamagitan ng pagpapanatili ng ritmo ng tula at ang kagandahan ng orihinal na wikang pampanitikan. Itinampok ng pag-aaral na mahusay ang kakayahan ng ChatGPT sa pagsasalin ng mga akdang pampanitikan sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na pagsaasalin.

Sinuportahan sa resulta ng pag-aaral ni Lee (2023) ang ChatGPT ayon sa kanya ay mas mahusay kumpara sa ibang mga *translation tools* dahil nagbibigay ito ng tamang pagpili ng mga panghalip, tumpak na mga salita, malikhaing pagpapahayag, at mahusay na pagkakaugnay-ugnay ng mga resulta ng salin.

Nakaranas ng Teknikal na Isyu

Minsan ang kanyang server ay nagkakaroon ng error, at kung may ilalagay ako sa chat na usapan ay nahihirapan itong umangkop sa bago, minsan naiiba niya. Tapos minsan kailangan mo pa talagang mag-prompt sa gagawin. Ang masasabi ko na minsan ay parang mahaba ang proseso sa pagpapaliwanag. IDI-05

May panahon na nagkakaroon ng glitch at ito ay nagdulot ng maling impormasyon, at kung ano ang iyong layunin ay hindi niya maibigay. Minsan magbibigay pero may panahon din na hindi niya maibigay kung ano ang iyong hinihingi sa literal na pagsasalin. At may mga salita na malalalim at hindi maaari sa isang pangungusap kaya nagiging dahilan ito ng maling pagkakaintindi at kalituhan sa mga mananaliksik at tagasuri. IDI-03

Ayon sa pag-aaral nina Sarwante et al., (2024) napapansin ng mga mag-aaral na nahihirapan silang gamitin ang ChatGPT dahil hindi ito tumutugon o may mga ilang *features* ang hindi gumagana nang maayos, na nagpapahirap sa kanilang kakayahan na gamitin ito. Bukod dito, ang mga mag-aaral na gumagamit ng ChatGPT ay nakararanas ng mga teknikal na problema, tulad ng mga *error* na nagmumula mismo sa *website*. Ang mga pagkakamaling ito ay maaaring makaabala sa karanasan ng gumagamit at makaaapekto sa kanilang kakayahang makipag-ugnayan sa aplikasyon nang epektibo.

Bilang karagdagan, inamin ng mga mag-aaral na madalas nilang ginagamit ang ChatGPT upang makakuha ng mabilis na solusyon para sa pangkaraniwang gawain sa klase. Ayon sa kanila, kung mabilis ang solusyon makatutulong ito sa iba't ibang paksa ng pag-aaral at sa pagsasalin-wika. Gayunpaman, sa kabila ng kagandahan nito, naranasan din ng mag-aaral na kapag masyadong maraming tao ang gumagamit ng ChatGPT ay nakatatanggap sila ng mensaheng *"server is busy"* nang maraming beses kaya mas humahaba ang kanilang ginugugol na oras sa paggawa ng isang gawain dahil hinihintay pa nilang maging maayos ito (Prakasha, 2024).

Talahanayan 2
Mga Pangunahing Tema at mga Ideya sa mga Solusyong Inilapat ng mga Mag-aaral sa Paggamit ng ChatGPT bilang Instrumento sa Pagsasalin mula Ingles Tungo sa Filipino sa Pagsulat ng Akademikong Sulatin

Mga Pangunaing Tema	Mga Pangunahing Ideya
Paggamit ng Kritikal na Pag-iisip	• naging kritikal na mapanuri sa pagwawasto ng salita • malalimang inunawa ang bawat salita na ibinibigay na pagsasalin • sinusuri kung tama ang gramatika at estruktura • maingat na pagsusuri at pagpapalit ng angkop na salita • paggamit ng kritikal na pag-iisip at pagwawasto sa mga salita
Paghahanap ng Iba pang *Sites* sa Pagsasalin	• paghahambing sa ibang *AI* ng pagsasalin • pagbabasa at paghahanap ng ibang mapagkukunan *online* • paggamit ng *Google* para sa pagwawasto ng saling ibinigay ng ChatGPT • lumilipat upang sumangguni sa ibang *sites*
Sariling Pagwawasto ng mga Isinalin	• pag-unawa muli sa ibinibigay na pagsasalin upang masuri ang konteksto at katumpakan ng pangungusap • paggamit ng dating kaalaman at pagsuri muli sa ibinigay na mga salita • pagsusuri kung tama ang ibinibigay na pagsasalin at pagdaragdag ng sariling kaalaman • pagbabasa sa mga salin kung tama ang ibinibigay na salita • paghahambing sa sariling naisulat

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Paggamit ng Kritikal na Pag-iisip

Para sa akin, sinusuri ko ito sa pamamagitan ng pagtingin sa gramatika, estruktura kung tama ba ang gusto kong maging kalabasan. At kung hindi ko gusto ang kaniyang mga salita ay pinapalitan ko ito. FGD-02

Sa paggamit ng kritikal na pag-iisip, kasi sa ganyan na paraan ay may ideya ako kung ano ang aking gusto ipagawa, gagamitin ko na lang ang aking kritikal na pag-iisip dahil ito ang paraan ko na maging maayos. IDI-02

Ang aktibong pakikilahok ay nagtataguyod ng mas malalim na pag-unawa sa gramatika at pangungusap na dapat suriin ng mga mag-aaral sa bawat pagwawasto na ibinibigay ng isang *tool* bago ito tanggapin. Binibigyang-diin ni Tonic (2020) na ang mga mag-aaral ay dapat mag-isip ng kritikal at suriin ang mungkahi batay sa tiyak na konteksto ng pagsusulat at kung ito ay umaayon sa kanilang nilalayong kahulugan at estilo ng pagsasalin. Sa pamamagitan ng kritikal na pagsusuri sa ibinibigay, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mas malalimang pag-unawa sa bawat saling ibinibigay.

Sa kabilang dako, binigyang-diin ni Pandey (2024) na ang mga mag-aaral ay dapat aktibong gumamit ng kanilang kritikal na pag-iisip at magkaroon ng mas malalim na kamalayan sa kanilang mga karaniwang pagkakamali sa pamamagitan ng paggamit ng mano-manong burador at maingat na pagsusuri sa binibigay ng ChatGPT. Ang kamalayang ito ay tumutulong sa mga mag-aaral na makita ang pagkakamali, gumamit ng mga estratehiya sa pagwawasto, at mapabuti ang kanilang pagsusulat at pagsasalin sa paglipas ng panahon.

Paghahanap ng Iba pang *Sites* sa Pagsasalin

Unang una gagamitin ko muna ang ibinigay ni ChatGPT at ikinukumpara ko ito sa ibang AI kung ano pa ang kanilang maibibigay...At kapag may mga mahihirap na mga terminolohiya na hindi ko pa naririnig ay susuriin ko itong muli kung tama ba ang ibinigay ng ChatGPT. FGD-05

Sa akin ay binabasa ko siya nang maigi, kung pakiramdam ko mali ito naghahanap ako sa ibang mapagkukunan. Kung ano ang aking nahanap na mali sa kaniya ay tinatama ko lang ito. Ganyan lang ang aking ginagawa. FGD-07

May mga takdang-aralin ako na mas mapadali sa pamamagitan ng paggamit ng translator sa ibang paksa. At nagbibigay ito ng kaliwanagan o pananaw sa akin at nagbibigay siya ng kaalaman. At sa negatibo naman ay may panahon na naging dependent ako minsan. Dahil may Google, dito ko kinakuha kung tama ba ito. IDI-02

Bilang tugon sa mga hamon at alalahanin sa paggamit ng ChatGPT sa pagsasalin, isa sa mga natuklasan estratehiya sa kasalukuyang pag-aaral ay ang inisyatibong estratehiya ng mag-aaral. Binigyang-diin ng etratehiya ito ang kahalagahan ng pagkakaroon ng beripikasyon ng impormasyong nilikha ng ChatGPT, kadalasang sa pamamagitan ng *cross-check* gamit ang mga iba't ibang *sites* tulad ng *Google*. Sa paglipas ng panahon, ang mga mag-aaral ay lalong naging mulat sa likas na suliranin ng mga bagong teknolohiya, kaya mas pinipili nilang tratuhin ang ChatGPT at iba pang *GenAI* na mga kasangkapan bilang isang gabay lamang at mag-ingat ng higit kapag ginagamit ang mga ito para mapakinabangan ng tama (Zhang et al., 2025).

Kaugnay nito, ibinahagi sa pag-aaral ni Huong (2024) na habang ang mga mag-aaral ay nasasabik sa paggamit ng ChatGPT sa proseso ng pagsasalin, nagpakita sila ng pag-iingat. Iminumungkahi ng mga mag-aaral sa tagasalin na huwag umasa sa mga resulta ng ChatGPT na may kinalaman sa katumpakan at mga ekspersyon. Sa halip, maaari humingi ng tulong gamit ang mga ibang *tools* sa pagsasalin o mga epektibong *prompt* upang makagawa ng mahusay na mga pagsasalin. Iginiit din na hindi dapat humina ang papel ng pagsasaling-tao dahil makatutulong ang mga ito sa pagharap sa komplikadong isyu na may kaugnayan sa estilistiko at kultural na kahulugan.

Sariling Pagwawasto ng mga Isinalin

Sinusuri ko ang konteksto at katumpakan ng pangungusap na ibinigay ni ChatGPT sa pagsasalin ng aking mga gusto ipasalin sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-uunawa nito kung bagay ba ito sa aking gusto makamit...Kasi hindi lahat ng ibinibigay ng ChatGPT ay tama at angkop sa gusto mong maging kinalabasan. FGD-01

Gagamitin ko lang ang aking dating kaalaman kung tama ba ang kaniyang ibinigay. Kapag may mga mahihirap na hindi ko pa naririnig na mga terminolohiya sa aking naisulat ay sinusuri ko kung tama ba ang ibinigay ni ChatGPT. Kasi minsan literal masyado ang ibinibigay at mali minsan ang tinutukoy sa aking mga salita ibinigay. FGD-05

Nabanggit sa pag-aaral nina Peng et al., (2023) na sa kabila ng kahanga-hangang kakayahan ng ChatGPT sa pagsasalin-wika, may mga limitasyon pa rin itong nararanasan. Kapag ito ay humaharap sa mga wikang may kulang na mapagkukunan ay kapansin-pansin ang pagbaba ng kalidad ng pagsasalin. Ito ay nakararanas ng maling impormasyon kapag nagsasalin ng hindi Ingles, kung kaya ito ay nangangailangan ng antas ng pagsasaayos ng tao upang maging malinaw at maintindihan ang salin.

Ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay nagkakaroon ng labis na positibong karanasan sa ChatGPT, pinupuri nila ang bilis at kadaliang ma-access nito. Maraming mga mag-aaral ang nag-ulat na mas nakakaramdam ng kumpiyansa sa kanilang kakayahan sa pagsulat dahil sa agarang pidbak na kanilang natatanggap. Ngunit pinapahalagahan pa rin ng mag-aaral ang pagkakaroon ng sariling pagwawasto at repleksyon sa binibigay na tugon ng ChatGPT. Sa pamamaraang ito, masusubaybayan ng mga mag-aaral ang kanilang sariling pag-unlad at makagagawa ng pagbabago batay sa pidbak na kanilang natanggap (Oguzhan at Serpil, 2025).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 3
Mga Pangunahing Tema at Ideya Tungkol sa mga Pananaw ng mga Mag-aaral sa Pagsasalin-Wika Gamit ang ChatGPT sa Pagsulat ng Akademikong Sulatin sa Filipino na Maaaring Maibahagi sa Iba

Mga Pangunahing Tema	Mga Pangunahing Ideya
Kapakinabangan sa Akademikong Komunidad	• mabilis ang pagsasalin at may panahong ayusin ang ideya para mas maging komprehensibo • nakapagbibigay ng agarang tugon • madaling ma-access, mabilis, at minsan may maling pagsasalin ngunit tama sa lahat ng oras • higit na nagpapagaan sa gawaing pagsulat
Tulong sa Pagpapalawak ng Kaalaman	• napapalawak ang kaalaman sa bokabularyo at nagbibigay ng iba't ibang salita • nakatutulong sa pagpapabuti ng gramatika at nagbibigay ng mungkahi na mapabuti ang pagsasalin • nagbibigay ng karagdagang kaalaman sa pagbuo ng pananaliksik • nagpapahusay sa kasanayang pagsulat • nakatutulong na maipahayag ang sarili sa wikang Filipino
Gamit ng ChatGPT sa Responsableng Pamamaraan	• kinakailangang hindi umasa at gamitin pa rin ang sariling ideya sa pagsasalin- • maging maingat, maaaring pagdaragdag ng sariling ideya, at suriin ang ibinibigay na pagsasalin • maaaring gamitin ngunit huwag palaging umasa • paggamit ng tama at magtiwala sa sariling kakayahan • pinipigilan ang kapwa mag-aaral sa labis na paggamit, humingi ng tulong sa guro at mag • paghikayat sa mag-aaral na gamitin ng tama at ito ay isang gabay lamang
Epekto sa Kasanayang Kognitibo	• nagpababa ng kritikal na pag-iisip at pagkamalikhain • bumaba ang bokabularyo • nahirapang magsulat dahil sa pagkawala ng kritikal na kasanayan

Kapakinabangan sa Akademikong Komunidad
Isa sa mga rason kung bakit patuloy ko pa rin na ginagamit ang ChatGPT sa pananaliksik sa Filipino dahil napadadali ang aking paggawa sa pananaliksik, alam naman natin na ang pananaliksik ay isang teknikal na proseso at nangangailangan ng mahabang oras upang matapos at makagawa ng isang magandang resulta. At saka, sa Filipino kasi lalo na sa pananaliksik sa Ingles. Para sa akin ang rason kung bakit ko palaging ginagamit dahil napadadali nito ang pagsasalin sa Ingles-Filipino at nagkakaroon pa ako ng oras na ayusin ng komprehensibo ang ideya. IDI-01

Maliban sa madali itong gamitin ay madali itong makapagbigay ng tugon at masasabi ko na mas mabuti siya kaysa sa Google translate. At saka, Google translate at ChatGPT lang ang alam ko na mga ginagamit sa pagsasalin. Sa ngayon, malaki ang puntos ng ChatGPT kung susukatin at maganda siya sa pagsasalin kaysa sa ibang sites. IDI-05

Ang naging resulta ay pinatunayan sa pag-aaral nina Zakwani at Mathew (2024) nakikita ng mga mag-aaral ang ChatGPT bilang isang kagamitan na madaling ma-acess at mapagkukunan ng kaalaman partikular na sa bahagi ng pagkuha ng wika: pagsasanay, gramatika, at pagpapalawak ng bokabularyo. Sa kabila ng kahirapan ng mga mag-aaral na maunawaan ang mga sagot o salin na ginawa ng ChatGPT, pinapahalagahan pa rin nila ang kakayahan ng aplikasyong ito. Bukod dito, natuklasan na pinapahusay ng ChatGPT ang kasanayan sa wika, na nagbigay-daan sa mag-aaral na makabuo ng kumpiyansa at motibasyon sa pagsasalin-wika. Bilang kabuoan, ang ChatGPT ay isang mahalagang kasangkapan para mapalawak at mapahusay ang kasanayan sa pagkatuto ng wika ng mga mag-aaral.

Dagdag pa, ang pagiging madaling gamitin ng ChatGPT ay isa sa pinapahalagahan ng mga mag-aaral, ang pagiging magaan gamitin ay nagpapahiwatig ng isang kanais-nais na karanasan ng gumagamit. Ito ay nagpapadali sa mga gawaing pagsasalin lalong-lalo sa mga baguhang tagasalin. Ang pagiging mapagkakatiwalaan ay lumitaw din bilang isa pang lakas ng ChatGPT, kung saan nagtitiwala ang mga gumagamit sa kakayahan, pagiging kumpidensyal, at maaasahan nito. Ang mga natuklasang ito ay higit pang pinatibay ng kagustuhan ng mga mag-aaral para sa ChatGPT kumpara sa iba pang magagamit na aplikasyon online sa pagsasalin, na nagpapatunay ng kakayahan nito sa larangan ng AI-assisted Translation (Almahasees et al, 2024).

Tulong sa Pagpapalawak ng Kaalaman
Sa aking paggamit ng ChatGPT ay mas napalawak ang aking bokabularyo at marami akong mga natutuhang mga salita. FGD-05
Ang positibong masasabi ko sa paggamit ng ChatGPT bilang isang kagamitan sa pagsasalin ay nakatutulong ito sa gramatika. At nagbibigay siya ng suhesyon kung ano pa ang kailangan baguhin at hindi ka mahihirapan kung hindi mo alam ang gagawin...Nagbibigay rin ito ng direktang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

mungkahi upang mas mapabuti ang iyong mga pagsasalin. FGD-01

Kung ako ay nagsasalin ito ay nagdaragdag sa aking kaalaman na ganito pala ang pagbuo nito...ang ChatGPT ay naging daan o kasangkapan upang maunawaan ko kung paano magsulat ng pananaliksik sa Filipino. IDI-01

Ang kakayahan ng ChatGPT na lumikha ng magkakaugnay at maayos na mga teksto ay makatutulong sa mga mag-aaral ng wika na mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsusulat. Nakatutulong ang pagsasalin gamit ang ChatGPT na matuto ang mga mag-aaral ng bagong bokabularyo o ayos ng mga salita sa isang pangungusap. Sa pamamagitan din ng pagbibigay ng agarang pidbak at mungkahi, makatutulong ang ChatGPT sa mga mag-aaral na mapabuti ang kanilang estilo sa pagsulat, gramatika, at paggamit ng bokabularyo, na magpapahusay sa kanilang pangkalahatang kasanayan sa target na wika. Ang ChatGPT ay mahalaga para sa mga mag-aaral na nahihirapan sa mga gawaing pagsasalin o sa pagsulat na nangangailangan ng karagdagang suporta sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagsulat (Klimova et al., 2024).

Binanggit naman sa pag-aaral nina Shaikh et al., (2023) na sinukat nang kwantitatibo ang pagiging kapaki-pakinabang at bisa ng ChatGPT sa pagsasagawa ng ibat't ibang gawain tulad ng pagsusulat, gramatika, bokabularyo, at pagsasalin. Ang pagsusuri ay nagpakita na ang ChatGPT ay may potensyal na palawakin ang bokabularyo, pahusayin ang estruktura ng gramatika at sintaks, at pagbutihin ang kanilang mga kasanayan sa pagsulat. Bagaman ang teknolohiya ng ChatGPT ay kaakit-akit, hindi nito lubos na mapapalitan ang pagtuturo ng tao. Sa halip, ang teknolohiya ay isa lamang disenyo upang makipagtulungan sa mga guro.

Gamit ng ChatGPT sa Responsableng Pamamaraan

Para sa akin, kailangan nating maging responsable sa paggamit ng AI. Dahil tayo ay mag-aaral at nag-aaral kailangan nating gamitan ang kaalaman na nakuha natin noong tayo ay nasa elementarya hanggang sa senior high school. Bagaman nanghihingi tayo ng tulong sa ChatGPT kailangan pa rin na hindi natin ito tanggapin basta-basta ang mga ideya na binibigay at maaari mo itong dagdagan ng iyong sariling ideya bago ipasa sa iyong guro. At saka, maaari kang magpatulong sa AI at pagkatapos basahin mong mabuti kung tama ang ginawang pagsasalin ng ChatGPT. Gamitin mo lang ang ChatGPT upang matulungan ka at hindi palaging umasa ditto. FGD-06

Gamitin ng tama ang ChatGPT dahil nasasalin nito ng mas mabuti ang mga salita kaysa sa ibang AI. Gamitin ito bilang isang gabay. FGD-01

Sa malawakang paggamit ng mga *tools* sa pagsasalin-wika tulad ng ChatGPT, ang mga isyung etikal sa proseso ng pagsasalin-wika ay naging lalong kapansin-pansin. Habang ang mga kagamitang ito ay lubos na nagpapahusay sa kahusayan ng pagsasalin, nagdadala rin ito ng mga potensyal na panganib, lalo na sa sensitibong kultura, pribadong proteksyon, at pagkalat ng maling impormasyon. Bagaman ang paunang pagsasalin ay nilikha ng makina, ang tagasalin ang may pananagutan sa pagtiyak na ang nagawang awtput ay tumutugma sa pamantayan ng kultural na pag-angkop, pribadong proteksyon, at mga pamantayan ng katumpakan ng nilalaman. Sa pamamagitan ng pag-proofread at modipikasyon ng nilalamang nilikha ng makina, maaaring epektibong mabawasan ng mga tao ang potesyal na etikal na panganib (Shujie, 2025).

Ayon naman sa pag-aaral na ginawa ni Timothy (2023) habang ang ChatGPT ay isang kahanga-hangang kasangkapan sa pagsasalin, mahalagang tandaan na ito ay isang makina pa rin na maaring hindi palaging makapagbigay ng pinakamahusay na pagsasalin. Kaya huwag lagi umaasa dito, lalo na para sa mga mahahalaga o sensitibong dokumento. Sa halip, subukan ang kumbinasyon ng iba't ibang pamamaraan, at kung maaari isaalang-alang ang paggamit ng isang propesyonal na tagasalin upang masuri ang katumpakan at kahusayan ng isang salin .

Epekto sa Kasanayang Kognitibo

Hindi ko palaging ginagamit dahil mayroon din itong mga kakulangan, at mapababa niya ang kritikal na pag-iisip at pagkamalikhain. Ngunit maganda itong gamitin kung minsan lang, pero hindi ko ito palaging ginagamit dahil ang kaniyang positibo ay matatabunan ng mga adbentahe ma'am. FGD-01

Mayroon itong limitasyon kasi noong 2023 Pebrero, walang tigil ang aking paggamit, mga dalawang linggo. Sa panahong iyon pinasulat kami ng isang sulatin pero hindi na ako marunong, medyo bumababa ang aking bokabularyo dahil sa palaging paggamit ng ilang mga linggo. IDI-04

Ang labis na pagtangkilik at patuloy na paggamit ng ChatGPT sa pagsasalin ay nagkaroon ng negatibong epekto at isa na rito ay ang pagbaba ng kritikal na pag-iisip at nahihirapang magsulat ng sariling katha sa kadahilanan palagi na lang umaasa sa ibinibigay ng ChatGPT.

Natuklasan na ang paggamit ng ChatGPT ay tumutugon sa natatanging pangangailangan sa pag-aaral ng mga mag-aaral, tumutulong ito sa pagkakaroon ng motibasyon at mas malalim na pag-unawa sa kaalaman ng nilalaman. Ngunit sa kabila ng kagandahan nito may mga pagkakataon labis na umaasa ang mga mag-aaral sa teknolohiya, at maaaring magbigay ng hindi tumpak o may kinikilingan na impormasyon na maaaring magdulot ng mga kognitibong pasanin at hadlangan ang pag-unlad ng mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Ang ChatGPT ay nagdulot lamang ng pinsala sa kritikal na pag-iisip ng mag-aaral kung ito ay labis na gamitin. Samakatuwid, mahalagang masuri ang aktwal na epekto ng ChatGPT sa pag-aaral ng mag-aaral (Abu Khurma et al., 2024).

MGA IMPLIKASYON SA KASANAYAN SA PAGTUTURO

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, lumitaw ang mahahalagang implikasyon para sa kasanayan sa pagtuturo. Ang pag-aaral ay binibigyang-diin na, kailangang hikayatin

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ang mga mag-aaral na magkaroon ng balanseng pamamaraam kung saan ang ChatGPT ay dapat tingnan bilang isang pantulong na gabay sa pag-aaral sa halip na gawing tanging pinagkukunan ng kanilang kaalaman. Maaaring tulungan ng mga guro ang kanilang mag-aaral sa paggamit nito sa pamamagitan ng pag-engganyo sa kanilang kritikal na pag-iisip sa pagsusuri ng mga pidbak na ibinibigay ng ChatGPT. Dapat ding talakayin ng mga guro ang mga limitasyon ng mga *translation tools* upang maunawaan at malaman ng mga mag-aaral na may mga estratehiya maaaring gawin kahit na gumagamit sila ng kagamitan sa pagsasalin, gaya ng *manual proofreading* at mabawasan ang panganib ng pagkadepende sa *tool* na ito

PANGWAKAS NA PAHAYAG

Ang teknolohiya ay tunay na nagpabago sa sistema ng edukasyon, mula sa kung paano natututo ang mga mag-aaral hanggang sa pagtuturo ng mga guro sa silid-aralan. Mula sa mga sistemang pang-edukasyon na pinapatakbo ng AI hanggang sa mga kasangkapan sa pagsasalin-wika, ang ChatGPT ay naging maginhawa, kaakit-akit, mabilis na kagamitang ginagamit ng mga mag-aaral. Ang teknolohiya ay nag-aalok ng walang katapusang benepisyo ngunit dapat itong gamitin nang may pag-iisip at paglalapat ng kognitibong kasanayan. Ang mga teknolohikal na pag-unlad na iro ay hindi dapat ituring na kapalit ng pag-aaral kundi bilang karagdagang gabay sa pag-aaral at malalim na pagkatuto ng mag-aaral. Dapat gumamit ang mga guro ng iba't ibang etratehiya at ituro sa mga mag-aaral ang tamang paggamit nito na hindi mahahadlangan ang natural na pagkatuto kundi magpapayaman at magpapahusay sa kanilang kakayahan.

Ang hamon ay makahanap ng tamang balanse sa pagitan ng pagsasama ng teknolohiya at pagpapanatili ng pag-aaral at pagtuturo. Habang ang kasangkapan sa pagsasalin ay maaaring magpahusay sa parehong pagtuturo at pagkatuto, hindi nila dapat balewalain ang kahalagahan ng paglalapat ng sariling kaalaman, paghingi ng tulong sa guro o kamag-aral, at mga karanasan sa pagkatuto. Ang mga guro ay may mahalagang papel sa paggabay sa mga mag-aaral sa tamang paggamit ng teknolohiya, tinutulungan silang gamitin ang *tool* na ito at paunlarin ang sariling kasanayan. Ang pag-aaral na ito ay sinusri ang mga karanasan at pidbak ng mga mag-aaral sa paggamit ng ChatGPT sa pagsasalin-wika.

May mga iba't ibang salik sa paghubog kung paano nakikita at ginagamit ng mga mag-aaral ang tugon na ibinibigay ng ChatGPT. Ang pagtukoy sa epektibong tugon para sa mga mag-aaral sa mga tuntunin ng kanilang katumpakan, pagiging maasahan, ay mga kahirapang naranasan ay nananatiling isang hamon para sa mga guro, mag-aaral, at mananaliksik. Ang pag-aaral na ito ay nagsusuri kung paano nakikilahok ay tumutugon ang mga mag-aaral sa mga resulta ana ibinibigay ng ChatGPT sa pagsasalin-wika. Bagaman kinilala ng mga naunang pag-aaral ang mga benepisyo ng ChatGPT sa pagpapabuti ng pagsasalin, patuloy pa rin ang mga alalahanin tungkol sa kanilang pangkalahatang bisa, katumpakan, at kaangkupan dahil hindi ito palaging nagbibigay ng perpektong resulta.

Habang patuloy tayong sumusulong patungo sa hinaharap, dapat nating ipagpatuloy na galugarin kung paano ang teknolohikal sa pag-unlad na maaaring magpabuti sa proseo ng pagkatuto nang hindi makalilimutan ang tunay na diwa ng natural na pagkatuto. Parehong ang mga guro at mga mag-aaral ay dapat tingnan ang teknolohiya bilang isang kasangkapan na makatutulong sa pagbuo ng mga kasanayang maghahanda sa kanila para sa patuloy na pagbabago ng mundo. Sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng responsibilidad at makabuluhang paggamit ng teknolohiya, makasisiguro tayo na ang edukasyon ay mananatiling makabuluhan at nakatuon sa panghabang-buhay na paglago.

REFERENCES

1. *Abu Khurma, O., Albahti F., Ali N., & Bustanji, A. (2024). AI ChatGPT and student engagement: unraveling dimensions through PRISMA analysis for enhanced learning experiences.Contemp Educ Technol 16(2):ep503. https://doi.org/10.309 35/ cedtech/14334*
2. *Almahasees, Z., Rayyash, H., Mahadin, D., & Olimat, S. N. (2024). An analytical study on present perceptions of using ChatGPT in language translation. Language Value. https://www.researchgate.net/publication/387645011_An_analytical_study_on_present_perceptions_of_using_ChatGPT_in_language_translation_Language_Value*
3. *Andari, A. Z. (2021). The Teachers' Perception Towards the Use of Google Translate As a Translation Tool. 3(170705113), 88.*
4. *Aspers, P., & Corte, U. (2019). What is qualitative in qualitative research. Qualitative sociology, 42, 139-160.*
5. *Babu, C. V. S., & Akshara, P. M. (2023). Revolutionizing Conversational AI: Unleashing the Power of ChatGPT-Based Applications in Generative AI and Natural Language Processing.https://www.researchgate.net/publication/376951584_Revolutionizing_Conversational_AI_Unleashing_the_Power_of_ChatGPTBased_Applications_in_Generative_AI_and_ Natural_Language_Processing*
6. *Chan, C. K. Y., & Hu, W. (2023). Students' voices on generative AI: Perceptions, benefits, and challenges in higher education. International Journal of Educational Technology in Higher Education, 20(1), 43. https://doi.org/10.1186/s41239-023-00411-8*
7. *Gao, R., Lin, Y., Zhao, N., & Cai, Z. (2022). Machine translation of Chinese classical poetry: a comparison among ChatGPT, Google Translate, and DeepL Translator. https://www.nature.com/articles/s41599-024-03363-0*
8. *Hannan, A., Nishat, I. J. & Zahin, A. U. R. (2024). Exploring the Challenges of Machine Translation for English Language Learners of Tertiary Level- https://ejournals.ph/function/reader1/read2/web/reader.php?id=uploads%2Farchive%2FIJAPR%2FVol.+3+No.+1+%282024%29%2FArticles%2F16_Exploring+the+Challenges+of+Machine+Translation+for+English+Language.pdf&di=24183*
9. *Houng, N. T. T. (2025). Integrating ChatGPT into translation classes. https://www.vjol.info.vn/index.php/tctbgd/article/download/103535/87283/*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 6| June 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

10. *Klimova, B., Pikhart, M., & Al-Obaydi, L.H. (2024). Exploring the potential of ChatGPT for foreign language education at the university level. file:///C:/Users/user/Downloads/ fpsyg-15-1269319.pdf*
11. *Kurban, C. F., & Sahin, M. (2024). The Impact of ChatGPT on Higher Education: Exploring the AI Revolution. Emerald Publishing Limited.*
12. *Lee, T. K. (2023). Artificial intelligence and posthumanist translation: ChatGPT versus the translator. Applied Linguistics Review, 2023, 1-22. https://doi.org/10.1515/applirev -2023-0122*
13. *Ma, Y. (2024). The Impacts and Challenges of ChatGPT on Translation Teaching in Universities. https://drpress.org/ojs/index.php/EHSS/article/view/24847*
14. *Mallow, J. (2023, March 1). ChatGPT For Students: How AI Chatbots Are Revolutionizing Education. eLearning Industry. https://elearningindustry.com/chatgpt-for-students-how-ai-chatbots-are-revolutionizing-education*
15. *Niño, A. (2020). Exploring the use of online machine translation for independent language learning. https://journal.alt.ac.uk/index.php/rlt/article/view/2402/2745*
16. *Oguzhan, O., & Serpil, A. (2025). Students' Perceptions of ChatGPT as a Feedback Tool in EFL Writing. https://juniperpublishers.com/oajels/pdf/OAJELS.MS.ID.555604. pdf*
17. *Pandey, H. L. (2024). Errors and Expectations: Addressing the Challenges of Graduate Writing in Tribhuvan University, Nepal. JODEM Journal of Language and Literature, 15(1), 35–54. https://doi.org/10.3126/jodem.v15i1.68917*
18. *Peng, K., Liu, D., Zhong, Q., Shen, L., Liu, X., Zhang, M., Ouyang, Y., & Tao, D. (2023). Towards making the most of ChatGPT for machine translation. arXiv. https://doi.org/10.48550/arxiv.2303.13780*
19. *Prakasha, G.S. (2024). USER EXPERIENCES OF CHATGPT AMONG ENGINEERING STUDENTS, TEACHERS, AND WORKING PROFESSIONALS IN INDIA. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1427735.pdf*
20. *Rousan, R. A., Jaradat, R., & Malkawi, M. (2025). ChatGPT translation vs. human translation: an examination of a literary text. https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/233 11886.2025.2472916#abstract*
21. *Sarwanti, S., Sariasih, Y., Rahmatika, L., Islam, M. M., & Riantina, E. M. (2024). Are They Literate on ChatGPT? University Language Students' Perceptions, Benefits and Challenges in Higher Education Learning. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ 1446718.pdf*
22. *Shijie, Z. (2025). Applications and Challenges of ChatGPT in Translation: A Multidimensional Exploration of Theory and Practice. https://www.davidpublisher. com/Public/uploads/Contribute/67ebab25b0062.pdf*
23. *Sutanto, V. M., De Giacomo, G. G., Nakazawa, T., & Yamada, M. (2024). ChatGPT as a translation engine: A case study on Japanese-English. In Proceedings of the 30th Annual Conference of the Association for Natural Language Processing.https://www.anlp.jp/proceedings/annual_meeting/2024/pdf_dir/A8-4.pdf*
24. *Teixeira, A. (2024). The Limitations of ChatGPT in Translation.https://www.at-it-translator.com/the-limitations-of-chatgpt-in-translation/*
25. *Timothy, M. (2023, September). How to Use ChatGPT as a Language Translation Tool. https://www.makeuseof.com/how-to-translate-with -chatgpt/*
26. *Toncic, J. (2020). Teachers, AI Grammar Checkers, and the Newest Literacies: Emending Writing Pedagogy and Assessment. https://www.academia.edu/download/64110901/Toncic_2020.pdf*
27. *Wang, L., Xu, S., & Liu, K. (2024). Understanding Students' Acceptance of ChatGPT as a Translation Tool: A UTAUT Model Analysis. https://www.researchgate.net/publication/381307164_Understanding_Students'_Acceptance_of_ChatGPT_as_a_Translation_Tool_A_UTAUT_Model_Analysis*
28. *Zhang, W., Li, A.W. & Wu, C. (2025). University students' perceptions of using generative AI in translation Yasya*